lalawigan ng san diego

Ang Ating Tijuana Watershed

Ang mga watershed ay mga lupaing inaagusan ng tubig ng mga batis, lawa at ilog papunta sa mga karaniwang mababang lugar - kadalasang karagatan.

Ang Tijuana Watershed ay 1 sa 11 na watershed na nasa Lalawigan ng San Diego. Ang Tijuana Watershed ay nagsisimula sa mga bundok na malapit sa Mount Laguna. Ang tubig ay umaagos papunta sa Mexico bago bumalik sa Lalawigan ng San Diego, kung saan na naaabot nito ang Karagatang Pasipiko timog ng Imperial Beach. Kung kayo ay nakatira sa loob ng watershed na ito, maaaring makatulong ang inyong mga ginagawa sa inyong bahay at sa inyong komunidad upang mapaganda ang kalidad ng tubig sa ating mga ilog, lawa, at karagatan.

Umaasa tayo sa ating mga watershed ng higit sa inyong inaakala.

Kapag tayo ay naglalakad sa kahabaan ng Tijuana River Valley Park, nagka-camping at nangingisda sa Lake Morena, o simpleng umiinom ng tubig, ginagamit natin ang ang resources ng ating watershed.

Mapa ng Tijuana Watershed



Maaari Nating Pangalagaan ang Ating mga Watershed sa Kaunting Hakbang Lang!

Ang tubig na dumadaloy sa ating watershed ay nakakakuha ng mga dumi tulad ng sediment, bakterya at basura na maaaring magpadumi sa ating mga daanan ng tubig. **Ang unang prayoridad sa Tijuana Watershed ay ang maiwasan ang polusyon mula sa mga sediment tulad ng dumi at lupa.** Bilang mga residente, nasa atin kung paano ito pananatilihing malinis. Kapag pinagsama-sama ang kilos ng bawat indibidwal, magdudulot ito ng malalaking pagbabago.

Maaari kayong tumulong na protektahan ang ating watershed sa pamamagitan ng paggawa ng mga simpleng gawain na ito upang maiwasan ang polusyon:

Sediment | *dumi at lupa*

- Walisan ang inyong driveway o balkon sa halip na gumamit ng hose. Itapon ang mga debris sa itinakdang lalagyan ang mga debris.
- Gumamit ng mulch o graba sa mga lugar na naka-landscape upang maiwasan ang erosyon at makatipid ng tubig.

Bakterya | *nakikita sa basura at imburnal*

- Panatilihing walang basura mula sa dumi ng hayop ang inyong bakuran. Magdala ng mga bag kapag ipinapasyal ang inyong alaga at itapon nang maayos ang kanilang dumi sa itinakdang lalagyan.
- Pangalagaan ang inyong imburnal o septic system. Ireport kaagad ang mga tagas o tapon mula sa imburnal sa 858-505-6657.
- Maayos na itapon ang RW sewage sa mga itinakdang dump station.

Basura | *kabilang ang green waste*

- Itapon ang lahat ng mga basura sa itinakdang mga lalagyan at panatilihing sarado ang mga takip.
- Bisitahin ang https://wastefreesd.org/ upang malaman kung paano magtapon o mag-recycle ng mga partikular na bagay.

Ang Lalawigan ng San Diego at ang mga partner nito ay nagtutulungan din upang mapanatiling maayos ang ating mga watershed.

Kung nais ninyong malaman pa ang tungkol sa mga pagsisikap na ito sa Tijuana Watershed, bisitahin ang www.projectcleanwater.org/tijuana-wma/

Tumawag sa Amin para sa mas Maraming Impormasyon o para Magreport ng Polusyon.

1-888-846-0800 watersheds@sdcounty.ca.gov ▪ www.sandiegocounty.gov/stormwater

SET 2022